Pangalan:_______________________________________________________________

Petsa Nang Nagsimula:______________Petsa Nang Natapos:______________Iskor:________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

Mga Kontribusyon ng Pamahalaang Komonwelt

I. Panuto:Isulat ang salitang <u>Patakaran</u> kung ang tinutukoy sa pangungusap ay ang ipinatupad na patakaran o programa. Isulat naman ang <u>Kontribusyon</u> kung ang pangungusap ang tumutukoy sa bunga o magandang naidulot ng programa o patakaran sa pamumuhay ng mga Pilipino.

1. _______________a. Nagpagawa ng mga tulay at daan.

   _______________b. Napabilis ang paglalakbay sa iba't ibang bahagi ng bansa.

2. _______________a. Naipakita ang husay ng kababaihan sa mga gawain sa bansa.

   _______________b. Nabigyan ng karapatan sa pagboto at pagkahalal sa pamahalaan ang kababaihan.

3. _______________a. Nabuhay ang damdaming makabayan at nabigyan ng pagkilala ang mga bayaning Pilipino.

   _______________b. Binigyang-pansin ang pag-aaral sa buhay ng mga dakilang Pilipino sa mga paaralan.

4. _______________a. Binigyan ng pagsasanay ang mga mamamayang may gulang na 21 pataas.

   _______________b. Nagkaroon ng sapat na bilang ng mamamayang bahagi ng Hukbong Sandatahan ng Pilipinas.

5. _______________a. Itinakda ang walong oras na pagtatrabaho at pinakamababang sahod para sa mga manggagawa.

   _______________b. Nabigyan ng mas makataong kalagayan sa trabaho ang mga manggagawa.

II. Panuto: Sagutin ang sumusunod na tanong.

1. Paano mo mailalarawan ang naging kontribusyon ng Pamahalaang Komonwelt sa iba't ibang aspekto ng buhay ng mga Pilipino?

   ___________________________________________________________

   ___________________________________________________________

   ___________________________________________________________

2. Sa iyong palagay, ano ang pinakamahalagang kontribusyon ng Pamahalaang Komonwelt sa bansa? Bakit?

   ___________________________________________________________

   ___________________________________________________________

   ___________________________________________________________